KAHIRAPAN

Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matibay na bayan:
ang pagkawasak ng dukha ay ang kanilang karalitaan.
PROVERBS 10:15

Pentateuch

Kung magpapahiram ka ng salapi sa kanino man sa aking bayan na dukha sa tabi mo, ay huwag kang magiging gaya ng nagpapatubo sa kaniya, ni huwag kang magpapatubo sa kaniya. Exodus 22:25

Ni huwag mong hahamakin ang isang dukha sa kaniyang usapin. Exodus 23:3

Huwag mong hahamakin ang kahatulan ng iyong dukha sa kaniyang usapin. Nguni't sa ikapitong taon ay iyong papahingahin ito; upang ang mga dukha sa iyong bayan ay makakain: at ang kanilang iniiwan ay kakainin ng mga hayop sa parang. Gayon din ang gagawin mo sa iyong ubasan, at sa iyong olibohan. Exodus 23:6,11

At huwag mong sisimutin ang iyong ubasan, ni titipunin man ang lahat ng mga ubas ng iyong ubasan; iiwan mo ito para sa dukha at estranghero: ako ang Panginoon mong Diyos. Huwag kang gagawa ng kalikuan sa paghatol: huwag mong igalang ang pagkatao ng dukha, o pararangalan man ang pagkatao ng makapangyarihan: kundi hahatulan mo ang iyong kapuwa sa katuwiran. Leviticus 19:10,15

At pagka inyong aanihin ang ani ng inyong lupain, ay huwag ninyong aalisin na malinis ang mga sulok ng inyong bukid pagka kayo'y gumagapas, ni mamumulot man kayo ng anomang mapupulot sa inyong ani: iiwan ninyo ito para sa dukha, at sa taga ibang lupa: ako ang Panginoon ninyong Dios. Leviticus 23:22

Kung ang iyong kapatid ay naging dukha, at naipagbili ang iba sa kaniyang pag-aari, at kung ang sinoman sa kaniyang kamag-anak ay dumating upang tubusin, ay kaniyang tutubusin ang ipinagbili ng kaniyang kapatid. At kung ang iyong kapatid ay naging dukha, at nahulog sa kabulukan na kasama mo; kung magkagayo'y iyong aalalayan siya: oo, bagaman siya'y isang taga ibang lupa, o nakikipamayan; upang siya ay mamuhay kasama mo. At kung ang iyong kapatid na tumatahan sa tabi mo ay maghirap, at ipagbili sa iyo; hindi mo siya pipilitin na maglingkod bilang isang alipin: Nguni't gaya ng upahang alipin, at gaya ng nakikipamayan, siya'y sasaiyo, at maglilingkod sa iyo hanggang sa taon ng jubile: At kung magkagayo'y aalis siya sa iyo, siya at ang kaniyang mga anak na kasama niya, at babalik sa kaniyang sariling sangbahayan, at sa pag-aari ng kaniyang mga magulang ay babalik siya. At kung ang isang taga ibang lupa o estranghero ay yumaman sa tabi mo, at ang iyong kapatid na tumatahan sa tabi niya ay maghirap, at ipagbili niya ang kaniyang sarili sa dayuhan o nakikipamayan sa tabi mo, o sa lahi ng angkan ng dayuhan: Pagkatapos na siya ay maipagbili ay muli siyang matutubos; maaaring tubusin siya ng isa sa kaniyang mga kapatid: Maaaring tubusin siya ng kaniyang tiyuhin, o ng anak ng kaniyang tiyuhin, o ng sinomang malapit sa kaniyang kamaganak sa kaniyang angkan; o kung kaya niya, maaari niyang tubusin ang kanyang sarili. Leviticus 25:25,35,39-41,47-49

Sa katapusan ng bawat pitong taon ay gagawa ka ng pagpapalaya. At ito ang paraan ng pagpapalaya: Bawat pinagkakautangan na nagpapautang ng anoman sa kaniyang kapuwa ay pakakawalan ito; hindi niya sisingilin sa kaniyang kapuwa, o sa kaniyang kapatid; sapagkat ito ay tinatawag na pagpapalaya ng Panginoon. Sa isang taga ibang lupa ay maaari mong sisingilin uli: nguni't ang sa iyo sa iyong kapatid ay palayain ng iyong kamay; Maliban kapag walang dukha sa inyo; sapagka't pagpapalain ka ng lubha ng Panginoon sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana upang ariin: Kung didinggin mong mabuti ang tinig ng Panginoon mong Dios, upang sundin ang lahat ng utos na ito na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito. Sapagka't pagpapalain ka ng Panginoon mong Dios, gaya ng kaniyang ipinangako sa iyo: at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, nguni't hindi ka hihiram; at ikaw ay maghahari sa maraming bansa, ngunit hindi sila maghahari sa iyo. Kung mayroon sa iyo ang isang dukha sa isa sa iyong mga kapatid sa loob ng

alinman sa iyong mga pintuang-daan sa iyong lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay huwag mong papagmamatigasin ang iyong puso, o ikukulong ang iyong kamay sa iyong dukha na kapatid: Kundi bubuksan mo ng maluwag ang iyong kamay sa kaniya, at tunay na papahiram ka sa kaniya ng sapat sa kaniyang pangangailangan, sa kaniyang ibig. Ingatan mo na huwag magkaroon ng pagiisip sa iyong masamang puso, na magsasabi, Ang ikapitong taon, ang taon ng pagpapalaya, ay malapit na; at ang iyong mata ay masama laban sa iyong dukhang kapatid, at hindi mo siya bibigyan ng anoman; at siya'y dumaing sa Panginoon laban sa iyo, at ito'y magiging kasalanan sa iyo. Tunay na bibigyan mo siya, at ang iyong puso ay hindi magdalamhati kapag ikaw ay nagbibigay sa kaniya: sapagka't dahil sa bagay na ito ay pagpapalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng iyong mga gawa, at sa lahat ng paglalaan ng iyong kamay. Sapagka't ang dukha ay hindi mawawala sa lupain kailan man: kaya't iniuutos ko sa iyo, na sinasabi, Iyong bubuksan ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa iyong dukha, at sa iyong mapagkailangan, sa iyong lupain. Deuteronomy 15:1-11

At kung ang lalake ay dukha, ay huwag kang matutulog na kasama ang kaniyang sangla: Sa anomang paraan ay ibabalik mo sa kaniya ang sangla pagkalubog ng araw, upang siya'y matulog sa kaniyang sariling damit, at pagpalain ka: at ito ay magiging katuwiran sa iyo sa harap ng Panginoon mong Dios. Huwag mong aapihin ang isang upahang lingkod na dukha at mapagkailangan, maging siya man ay sa iyong mga kapatid, o sa iyong mga estranghero na nasa iyong lupain sa loob ng iyong mga pintuang-daan: Sa kaniyang araw ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang sahod, ni hindi lulubog ang araw; sapagka't siya'y dukha, at itinalaga niya dito ang kaniyang puso: baka siya'y dumaing laban sa iyo sa Panginoon, at ito'y maging kasalanan sa iyo. Deuteronomy 24:12-15

History

Ang Panginoon ay nagpapahirap, at nagpapayaman: siya'y nagpapababa, at nagtataas. Kaniyang itinataas ang dukha mula sa alabok, at itinataas ang pulubi mula sa burol ng dumi, upang ilagay sila sa gitna ng mga prinsipe, at upang kanilang manahin ang luklukan ng kaluwalhatian: sapagka't ang mga haligi ng lupa ay sa Panginoon, at kaniyang inilagay ang sanglibutan sa kanila. 1 Samuel 2:7-8

Gaya ng mga araw na ang mga Judio ay nagpapahinga sa kanilang mga kaaway, at ang buwan na naging kagalakan sa kanila mula sa kalungkutan, at mula sa pagdadalamhati ay naging mabuting araw: upang kanilang gawin silang mga araw ng piging at kagalakan, at ng pagpapadala ng mga bahagi sa isa't isa, at ng mga regalo sa mga dukha. Esther 9:22

Poetry

Nguni't iniligtas niya ang dukha sa tabak, sa kanilang bibig, at sa kamay ng makapangyarihan. Kaya't ang dukha ay may pag-asa, at ang kasamaan ay nagtatakip ng kaniyang bibig. Narito, maligaya ang tao na tinutuwid ng Dios: kaya't huwag mong hamakin ang parusa ng Makapangyarihan sa lahat: Sapagka't siya'y nagpapasakit, at nagtatali: siya'y sumusugat, at ang kaniyang mga kamay ay nagpapagaling. Job 5:15-18

Sapagka't kaniyang pinahirapan at pinabayaan ang dukha; sapagka't kaniyang inalis ng marahas ang isang bahay na hindi niya itinayo; Tunay na hindi siya makadarama ng katahimikan sa kaniyang tiyan, hindi niya ililigtas ang kaniyang ninanais. Job 20:19-20

Nang marinig ako ng tainga, pinagpala ako nito; at nang makita ako ng mata, ay sumaksi sa akin: Sapagka't aking iniligtas ang dukha na umiiyak, at ang ulila, at ang walang tumulong sa kaniya. Ang pagpapala niya na handang magdusa ay dumating sa akin: at aking pinaawit sa kagalakan ang puso

ng babaing balo. Ako'y nagbihis ng katuwiran, at dinamitan ako nito: ang aking kahatulan ay parang balabal at isang diadema. Ako ay naging mata sa bulag, at paa ako sa pilay. Ako ay naging ama ng dukha: at ang usap na hindi ko nalalaman ay aking sinaliksik. At aking binasag ang mga panga ng masama, at aking binunot ang samsam sa kaniyang mga ngipin. Job 29:11-17

Narito, ang Dios ay makapangyarihan, at hindi hinahamak ang sinoman: siya'y makapangyarihan sa lakas at karunungan. Hindi niya iniingatan ang buhay ng masama: nguni't nagbibigay ng matuwid sa dukha. Hindi niya iniuurong ang kaniyang mga mata sa matuwid: nguni't kasama ng mga hari sila sa luklukan; oo, kaniyang itinatatag sila magpakailanman, at sila'y natataas. At kung sila ay igapos sa mga tanikala, at mahawakan sa mga panali ng paghihirap; Kung magkagayo'y ipinakikita niya sa kanila ang kanilang gawa, at ang kanilang mga pagsalangsang na kanilang nalampasan. Binubuksan din niya ang kanilang pakinig sa disiplina, at nag-uutos na sila'y magsibalik sa kasamaan. Kung kanilang susundin at paglingkuran siya, gugugulin nila ang kanilang mga araw sa kasaganaan, at ang kanilang mga taon sa kasiyahan. Nguni't kung hindi sila sumunod, sila'y magdurusa sa pamamagitan ng tabak, at sila'y mamamatay na walang kaalaman. Nguni't ang mga mapagkunwari sa puso ay nagbubunton ng poot: hindi sila umiiyak pagka kaniyang ginapos sila. Namamatay sila sa kabataan, at ang kanilang buhay ay kasama ng marumi. Kaniyang inililigtas ang dukha sa kaniyang kapighatian, at binubuksan ang kanilang mga tainga sa kapighatian. Job 36:5-15

Sapagka't ang nangangailangan ay hindi laging malilimutan: ang pagasa ng dukha ay hindi mawawala magpakailan man. Psalms 9:18

Bakit ka nakatayo sa malayo, Oh Panginoon? bakit ka nagkukubli sa panahon ng kabagabagan? Ang masama sa kaniyang kayabangan ay umuusig sa dukha: mahuli nawa sila sa mga katha na kanilang inisip. Sapagka't ipinagmamalaki ng masama ang naisin ng kaniyang puso, at pinagpapala ang sakim, na kinasusuklaman ng Panginoon. Ang masama, sa kayabangan ng kaniyang itsura, ay hindi hahanapin ang Dios: ang Dios ay wala sa lahat ng kaniyang pagiisip. Ang kaniyang mga lakad ay laging mabigat; ang iyong mga kahatulan ay malayo sa kaniyang paningin: tungkol sa lahat niyang mga kaaway, kaniyang niyayabangan. Sinabi niya sa kaniyang puso, Hindi ako makikilos: sapagka't kailan man ay hindi ako malalagay sa kahirapan. Ang kaniyang bibig ay puno ng sumpa at kasinungalingan at pagdaraya: sa ilalim ng kaniyang dila ay kasamaan at walang kabuluhan. Siya'y nauupo sa mga kublihang dako ng mga nayon: sa mga lihim na dako ay pinapatay niya ang walang sala: ang kaniyang mga mata ay lihim na nakatutok laban sa dukha. Siya'y naghihintay na lihim na parang leon sa kaniyang yungib: siya'y nagbabantay upang hulihin ang dukha: kaniyang hinuhuli ang dukha, pagka kaniyang hinihila siya sa kaniyang lambat. Siya'y yumuyuko, at nagpapakababa, upang ang dukha ay mabuwal sa pamamagitan ng kaniyang mga malalakas. Kaniyang sinabi sa kaniyang puso, Nakalimutan ng Dios: kaniyang ikinubli ang kaniyang mukha; hinding-hindi niya ito makikita. Bumangon ka, Oh Panginoon; Oh Dios, itaas mo ang iyong kamay: huwag mong kalimutan ang mapagpakumbaba. Bakit hinahamak ng masama ang Diyos? kaniyang sinabi sa kaniyang puso, Hindi mo hihingin. Iyong nakita; sapagka't iyong minamasdan ang kasamaan at hinanakit, upang gantihan ng iyong kamay: ipinagkatiwala sa iyo ng dukha; ikaw ang katulong ng ulila. Baliin mo ang bisig ng masama at ng masamang tao: hanapin mo ang kaniyang kasamaan hanggang sa wala kang masumpungan. Ang Panginoon ay Hari magpakailan man: ang mga pagano ay nagdusa sa labas ng kaniyang lupain. Panginoon, iyong narinig ang naisin ng mapagpakumbaba: iyong ihahanda ang kanilang puso, iyong ipaparinig sa iyong tainga: Upang hatulan ang ulila at ang naaapi, upang ang tao sa lupa ay huwag nang mang-api pa. Psalms 10

Dahil sa pang-aapi sa dukha, dahil sa buntong-hininga ng nangangailangan, ngayon ay babangon ako, sabi ng Panginoon; Ilalagay ko siya sa kaligtasan mula sa nang-aapi sa kanya. Psalms 12:5

Inyong ikinahihiya ang payo ng dukha, sapagka't ang Panginoon ay kaniyang kanlungan. Psalms 14:6

Ang dukha na ito ay umiyak, at dininig siya ng Panginoon, at iniligtas siya sa lahat niyang kabagabagan. Psalms 34:6

Lahat ng aking mga buto ay magsasabi, Panginoon, sino ang gaya mo, na nagliligtas sa dukha sa masyadong malakas sa kaniya, oo, sa dukha at mapagkailangan sa sumasamsam sa kaniya? Psalms 35:10

Ang masama ay bumunot ng tabak, at iniunat ang kanilang palaso, upang ibagsak ang dukha at mapagkailangan, at pumatay ng may matuwid na pag-uusap. Psalms 37:14

Nguni't ako'y dukha at nangangailangan; gayon ma'y iniisip ako ng Panginoon: ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas; huwag kang magtagal, O Diyos ko. Psalms 40:17

Mapalad siyang kinokonsidera ang dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kabagabagan. Psalms 41:1

Ang iyong kapisanan ay nanirahan doon: ikaw, Oh Dios, ay naghanda ng iyong kabutihan para sa dukha. Psalms 68:10

Nguni't ako'y dukha at nagdadalamhati: ang iyong pagliligtas, Oh Dios, ay itaas ako sa itaas. Sapagka't dininig ng Panginoon ang dukha, at hindi hinahamak ang kaniyang mga bilanggo. Psalms 69:29,33

Nguni't ako'y dukha at nangangailangan: magmadali ka sa akin, Oh Dios: ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas; Oh Panginoon, huwag kang magtagal. Psalms 70:5

Kaniyang hahatulan ang iyong bayan ng katuwiran, at ang iyong dukha ng kahatulan. Psalms 72:2

Kaniyang hahatulan ang dukha ng bayan, kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan, at dudurugin pira-piraso ang mamimighati. Sapagka't kaniyang ililigtas ang mapagkailangan pagka siya'y umiiyak; ang dukha din naman, at ang walang katulong. Kaniyang patatawarin ang dukha at mapagkailangan, at ililigtas ang mga kaluluwa ng mapagkailangan. Psalms 72:4,12-13

Oh huwag mong ibigay ang kaluluwa ng iyong kalapati sa karamihan ng masama: huwag mong kalimutan ang kapisanan ng iyong dukha magpakailan man. Oh huwag bumalik na may kahihiyan ang naaapi: purihin ng dukha at mapagkailangan ang iyong pangalan. Psalms 74:19,21

Ipagtanggol mo ang dukha at ulila: gawin mo ang katarungan sa dukha at mapagkailangan. Iligtas mo ang dukha at mapagkailangan: alisin mo sila sa kamay ng masama. Psalms 82:3-4

Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh Panginoon, dinggin mo ako: sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan. Psalms 86:1

Gayon ma'y itinaas niya ang dukha mula sa kadalamhatian, at ginawan siya ng mga pamilya na parang kawan. Psalms 107:41

Sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan, at ang aking puso ay sugatan sa loob ko. Ako'y nawala na parang anino kapag ito'y kumukupas: ako'y inihagis pataas at pababa na parang balang. Ang aking mga tuhod ay nanghihina dahil sa pag-aayuno; at ang aking laman ay kulang sa katabaan. Ako'y naging kakutyaan din sa kanila: nang sila'y tumingin sa akin, kanilang iniling ang kanilang mga ulo. Tulungan mo ako, Oh Panginoon kong Dios: Oh iligtas mo ako ayon sa iyong awa: Upang kanilang malaman na ito ang iyong kamay; na ikaw, Panginoon, ang gumawa nito. Hayaan silang sumumpa, nguni't magpala ka: pagka sila'y nagsibangon, sila'y mangahiya; kundi magalak ang iyong lingkod. Mabihisan nawa ng kahihiyan ang aking mga kalaban, at matakpan sila ng kanilang sariling pagkalito, na parang balabal. Ako'y lubos na magpupuri sa Panginoon ng aking bibig; oo, pupurihin ko siya sa gitna ng karamihan. Sapagka't siya'y tatayo sa kanang kamay ng dukha, upang iligtas siya sa mga humahatol sa kaniyang kaluluwa. Psalms 109:22-31

Siya ay nagbahagi, siya ay nagbigay sa dukha; ang kanyang katuwiran ay nananatili magpakailanman; ang kanyang sungay ay matataas na may karangalan. Psalms 112:9

Kaniyang itinataas ang dukha mula sa alabok, at itinataas ang mapagkailangan mula sa dumi; Psalms 113:7

Aking pagpapalain ng sagana ang kaniyang pagkain: aking bubusugin ng tinapay ang kaniyang dukha. Psalms 132:15

Nalalaman ko na ang Panginoon ay pananatilihin ang dahilan ng nagdadalamhati, at ang karapatan ng dukha. Psalms 140:12

Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; isaalang-alang ang kanyang mga lakad, at maging pantas: Na walang patnubay, tagapangasiwa, o pinuno, Inihahanda ang kaniyang pagkain sa tag-araw, at tinitipon ang kaniyang pagkain sa pagaani. Hanggang kailan ka matutulog, Oh tamad? kailan ka ba babangon sa iyong pagkakatulog? Kaunti pang tulog, kaunting antok, kaunting paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog: Sa gayo'y darating ang iyong karalitaan na parang naglalakbay, at ang iyong kakulangan na parang lalaking may sandata. Proverbs 6:6-11

Siya'y nagiging dukha na gumagawa ng may tamad na kamay: nguni't ang kamay ng masipag ay nagpapayaman. Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matibay na bayan: ang pagkawasak ng dukha ay ang kanilang karalitaan. Proverbs 10:4,15

May nagkakalat, at dumarami pa; at mayroong nagpipigil ng higit kaysa nararapat, ngunit ito ay nauuwi sa karalitaan. Proverbs 11:24

May nagpapayaman, gayon ma'y wala: may nagpapakadukha, gayon ma'y may malaking kayamanan. Ang pantubos sa buhay ng tao ay ang kaniyang mga kayamanan: nguni't ang dukha ay hindi nakikinig ng saway. Ang karalitaan at kahihiyan ay sasa kaniya na tumatanggi sa turo: nguni't siyang nagpapahalaga ng saway ay pararangalan. Maraming pagkain ang nasa pagbubungkal ng dukha: nguni't mayroong nawasak dahil sa kawalan ng kahatulan. Proverbs 13:7-8,18,23

Ang dukha ay kinapopootan maging ng kaniyang sariling kapuwa: nguni't ang mayaman ay maraming kaibigan. Siyang humahamak sa kaniyang kapuwa ay nagkakasala: nguni't siyang naaawa sa dukha, siya ay masaya. Siyang umaapi sa dukha ay dumudusta sa kaniyang Maylalang: nguni't siyang nagpaparangal sa kaniya ay naaawa sa dukha. Proverbs 14:20-21,31

Sinomang tumutuya sa dukha ay dumudusta sa kaniyang Maylalang: at siyang nagagalak sa mga kasakunaan ay siguradong mapaparusahan. Proverbs 17:5

Ang dukha ay gumagamit ng mga pakiusap; ngunit ang mayaman ay sumasagot ng may kagaspangan. Proverbs 18:23

Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang integridad, kay sa suwail sa kaniyang mga labi, at isang mangmang. Ang kayamanan ay gumagawa ng maraming kaibigan; ngunit ang dukha ay hiwalay sa kanyang kapwa. Lahat ng mga kapatid ng dukha ay napopoot sa kaniya: gaano pa kaya ang kaniyang mga kaibigan na lalayo sa kaniya? hinahabol niya sila ng mga salita, gayon ma'y nagkukulang sila sa kaniya. Siyang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon; at yaong ibinigay niya ay babayaran niyang muli. Ang nais ng tao ay ang kaniyang kagandahang-loob: at ang dukha ay maigi kay sa sinungaling. Proverbs 19:1,4,7,17,22

Huwag mong ibigin ang pagtulog, baka ikaw ay dumating sa karalitaan; idilat mo ang iyong mga mata, at mabubusog ka ng tinapay. Proverbs 20:13

Sinomang nagtatakip ng kaniyang mga pakinig sa daing ng dukha, siya rin naman ay dadaing, ngunit hindi didinggin. Ang umiibig sa kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa alak at langis ay hindi yayaman. Proverbs 21:13,17

Ang mayaman at dukha ay nagsasalubong: ang Panginoon ang may gawa sa kanilang lahat. Ang mayaman ay namumuno sa dukha, at ang nanghihiram ay tagapaglingkod ng nagpapahiram. Siya na may masaganang mata ay pagpapalain; sapagka't ibinibigay niya ang kaniyang tinapay sa dukha. Siya na pumipighati sa dukha upang dagdagan ang kaniyang kayamanan, at siyang nagbibigay sa mayaman, ay siguradong magkukulang. Huwag mong pagnakawan ang dukha, sapagka't siya'y dukha: ni pighatiin man ang dukha sa pintuang-bayan: Sapagka't ipaglalaban ng Panginoon ang kanilang usapin, at sisirain ang kaluluwa niyaong nagsisisamsam sa kanila. Proverbs 22:2,7,9,16,22,23

Huwag kang makisama sa mga lasenggo; sa mga magulo na kumakain ng laman: Sapagka't ang lasenggo at ang matakaw ay darating sa karalitaan: at ang antok ay magbibihis sa tao ng mga basahan. Proverbs 23:20-21

Dumaan ako sa tabi ng bukid ng tamad, at sa tabi ng ubasan ng taong walang pang-unawa; At, narito, ang lahat ay tinutubuan ng mga tinik, at tinabunan ng mga kulitis ang ibabaw niyaon, at ang pader na bato niyaon ay nabagsak. Nang magkagayo'y aking nakita, at pinagisipan kong mabuti: aking tiningnan, at tumanggap ng turo. Kaunti pang tulog, kaunting antok, kaunting paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog: Sa gayo'y darating ang iyong karalitaan na parang naglalakbay; at ang iyong kakulangan bilang isang armadong tao. Proverbs 24:30-34

Ang dukha na pumipighati sa dukha ay parang ulan na walang iniwan na pagkain. Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang katuwiran, kay sa suwail sa kaniyang mga lakad, bagaman siya'y mayaman. Siya na sa pamamagitan ng tubo at di matuwid na pakinabang ay nagpaparami ng kaniyang pag-aari, kaniyang titipunin ito para sa kaniya na mahahabag sa dukha. Ang taong mayaman ay matalino sa kaniyang sariling pag-iisip; ngunit ang dukha na may unawa ay sumisiyasat sa kanya. Gaya ng umaatungal na leon, at ng umuungol na oso; gayon din ang masamang pinuno sa mahihirap na tao. Siyang nagbubukid ng kaniyang lupain ay magkakaroon ng saganang tinapay: nguni't siyang sumusunod sa mga taong walang kabuluhan ay magkakaroon ng sapat na karalitaan. Siyang nagmamadaling yumaman ay may masamang mata, at hindi inaakala na ang karalitaan ay

darating sa kaniya. Siyang nagbibigay sa dukha ay hindi magkukulang: nguni't siyang nagkukubli ng kaniyang mga mata ay magkakaroon ng maraming sumpa. Proverbs 28:3,6,8,11,15,19,22,27

Isinasaalang-alang ng matuwid ang dahilan ng dukha: nguni't hindi ito pinapansin ng masama. Ang dukha at ang magdaraya na tao ay nagsasalubong: nililiwanag ng Panginoon ang kanilang mga mata. Ang hari na tapat na humahatol sa dukha, ang kaniyang luklukan ay matatatag magpakailan man. Proverbs 29:7,13-14

Dalawang bagay ang hiniling ko sa iyo; huwag mong ipagkait sa akin bago ako mamatay: Ilayo mo sa akin ang walang kabuluhan at mga kasinungalingan: huwag mo akong bigyan ng kahirapan o kayamanan man; pakainin mo ako ng pagkain na maginhawa para sa akin: Baka ako'y mabusog, at ikaila ka, at sabihin, Sino ang Panginoon? o baka ako ay dukha, at magnakaw, at gamitin ang pangalan ng aking Diyos sa walang kabuluhan. May isang henerasyon, na ang mga ngipin ay parang mga tabak, at ang kanilang mga panga ay parang mga kutsilyo, upang lamunin ang dukha mula sa lupa, at ang mapagkailangan sa gitna ng mga tao. Proverbs 30:7-9,14

Ibuka mo ang iyong bibig, humatol ka ng matuwid, at ipaglaban mo ang usapin ng dukha at mapagkailangan. Iniunat niya ang kaniyang kamay sa dukha; oo, iniunat niya ang kanyang mga kamay sa nangangailangan. Proverbs 31:9,20

Mabuti pa ang mahirap at matalinong bata kaysa sa matanda at mangmang na hari, na hindi na mapapaalalahanan. Sapagka't mula sa bilangguan ay nanggagaling siya upang maghari; samantalang ang ipinanganak sa kaniyang kaharian ay nagiging dukha. Ecclesiastes 4:13-14

Kung iyong nakikita ang kapighatian ng dukha, at ang marahas na pagbaluktot ng kahatulan at katarungan sa isang lalawigan, huwag mong ipagtaka ang bagay na ito: sapagka't siyang mataas kay sa kataastaasan ay tumitingin; at mayroong mas mataas kaysa sa kanila. Ecclesiastes 5:8

Sapagka't ano ang mayroon ang pantas kaysa sa mangmang? ano ang mayroon ang dukha, na marunong lumakad sa harap ng buhay? Ecclesiastes 6:8

Ang karunungan na ito ay nakita ko rin sa ilalim ng araw, at ito ay tila dakila sa akin: May isang maliit na bayan, at kakaunti ang mga tao sa loob niyaon; at dumating ang isang dakilang hari laban doon, at kinubkob ito, at nagtayo ng malalaking kuta laban doon: Ngayon ay nasumpungan doon ang isang dukha at matalinong tao, at sa pamamagitan ng kanyang karunungan ay iniligtas niya ang lungsod; gayon ma'y walang nakaalala sa dukhang iyon. Nang magkagayo'y sinabi ko, Ang karunungan ay maigi kay sa kalakasan: gayon ma'y ang karunungan ng dukha ay hinahamak, at ang kaniyang mga salita ay hindi dininig. Ang mga salita ng pantas ay naririnig nang tahimik kaysa sa hiyaw niya na nagpupuno sa mga mangmang. Ang karunungan ay maigi kay sa mga sandata ng digmaan: nguni't ang isang makasalanan ay sumisira ng maraming kabutihan. Ecclesiastes 9:13-18

Prophets

Ang Panginoon ay papasok sa kahatulan kasama ang mga matanda ng kaniyang bayan, at ang mga prinsipe niyaon: sapagka't inyong kinain ang ubasan; ang samsam ng dukha ay nasa inyong mga bahay. Ano ang ibig ninyong sabihin na inyong dinudurog ang aking bayan, at dinidikdik ang mga mukha ng dukha? sabi ng Panginoong Dios ng mga hukbo. Isaiah 3:14-15

Sa aba nila na nag-uutos ng di-matuwid na mga pasiya, at nagsusulat ng kabagsikan na kanilang iniutos; Upang ilayo ang mapagkailangan sa kahatulan, at upang alisin ang karapatan sa dukha ng

aking bayan, upang ang mga babaing balo ay maging kanilang huli, at upang kanilang nakawan ang ulila! Isaiah 10:2

Nguni't hahatulan niya ng katuwiran ang dukha, at sasaway na may katuwiran para sa maamo sa lupa: at kaniyang sasaktan ang lupa ng pamalo ng kaniyang bibig, at sa pamamagitan ng hininga ng kaniyang mga labi ay papatayin niya ang masama. Isaiah 11:4

At ang panganay ng dukha ay kakain, at ang mapagkailangan ay mahihigang tiwasay: at aking papatayin ng taggutom ang iyong ugat, at kaniyang papatayin ang iyong nalabi. Ano ang isasagot ng isa sa mga sugo ng bansa? Na itinatag ng Panginoon ang Sion, at ang dukha sa kaniyang bayan ay magtitiwala doon. Isaiah 14:30,32

Oh Panginoon, ikaw ay aking Dios; Itataas kita, pupurihin ko ang iyong pangalan; sapagka't gumawa ka ng mga kamangha-manghang bagay; ang iyong mga payo noong una ay katapatan at katotohanan. Sapagka't iyong ginawang bunton ang isang bayan; ng isang nagtatanggol na lungsod ay isang kasiraan: isang palasyo ng mga dayuhan na hindi isang lungsod; hinding-hindi ito itatayo. Kaya't luluwalhatiin ka ng malakas na bayan, matatakot sa iyo ang bayan ng kakilakilabot na mga bansa. Sapagka't ikaw ay naging kalakasan sa dukha, kalakasan sa mapagkailangan sa kaniyang kagipitan, kanlungan sa unos, anino sa init, pagka ang bugso ng mga kakilakilabot ay parang bagyo laban sa pader. Isaiah 25:1-4

Magtiwala kayo sa Panginoon magpakailanman: sapagka't sa Panginoong JEHOVAH ay walang hanggang kalakasan: Sapagka't ibinababa niya ang nagsisitahan sa itaas; ang matayog na bayan, kaniyang ibinaba; ibinababa niya ito, hanggang sa lupa; dinadala niya hanggang sa alabok. Tatapakan ng paa, sa makatuwid baga'y ang mga paa ng dukha, at ang mga hakbang ng mapagkailangan. Isaiah 26:4-6

Lalago din ang kagalakan ng maamo sa Panginoon, at ang dukha sa mga tao ay magagalak sa Banal ng Israel. Isaiah 29:19

Ang mga kasangkapan naman ng hamak ay masama: siya'y kumakatha ng mga masamang katha upang ipahamak ang dukha sa pamamagitan ng mga kasinungalingang salita, kahit na ang mapagkailangan ay nagsasalita ng matuwid. Isaiah 32:7

Pagka ang dukha at mapagkailangan ay humanap ng tubig, at wala, at ang kanilang dila ay nauuhaw, akong Panginoon ay didinggin sila, akong Dios ng Israel ay hindi sila pababayaan. Isaiah 41:17

Hindi ba ito ang ayuno na aking pinili? upang kalagan ang mga tali ng kasamaan, upang alisin ang mabibigat na pasan, at palayain ang napipighati, at inyong baliin ang bawa't pamatok? Hindi ba ang ibahagi ang iyong tinapay sa gutom, at ang iyong dalhin sa iyong bahay ang dukha na itinapon? kapag nakita mo ang hubad, takpan mo siya; at na huwag mong itago ang iyong sarili sa iyong sariling laman? Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay lilitaw na madali: at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong hulihan. Isaiah 58:6-8

Sapagka't lahat ng mga bagay na yaon ay ginawa ng aking kamay, at lahat ng mga bagay na yaon ay nangyari na, sabi ng Panginoon: nguni't sa taong ito ay titingin ako, sa makatuwid baga'y sa kaniya na dukha at may nagsisising espiritu, at nanginginig sa aking salita. Isaiah 66:2

At sa iyong mga laylayan din ay nasumpungan ang dugo ng mga kaluluwa ng mga dukha na walang sala: hindi ko nasumpungan sa pamamagitan ng lihim na paghahanap, kundi sa lahat ng mga ito. Jeremiah 2:34

Kaya't aking sinabi, Tunay na ang mga ito ay dukha; sila'y mga mangmang: sapagka't hindi nila nalalaman ang daan ng Panginoon, ni ang kahatulan ng kanilang Dios. Jeremiah 5:4

Magsiawit kayo sa Panginoon, purihin ninyo ang Panginoon: sapagka't kaniyang iniligtas ang kaluluwa ng dukha sa kamay ng mga manggagawa ng kasamaan. Jeremiah 20:13

Hinatulan niya ang usap ng dukha at mapagkailangan; kung magkagayo'y mabuti ito sa kaniya: hindi baga ito ay para makakilala sa akin? sabi ng Panginoon. Jeremiah 22:16

Nang magkagayo'y dinalang bihag ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay sa Babilonia ang natira sa mga tao na nalabi sa siyudad, at yaong nagsihiwalay, na nangahulog sa kaniya, kasama ng natira sa mga tao na nalabi. Nguni't iniwan ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay ang mga dukha ng bayan, na walang anoman, sa lupain ng Juda, at binigyan sila ng mga ubasan at mga bukid sa parehong panahon. Jeremiah 39:9-10

Narito, ito ang kasamaan ng iyong kapatid na babae na Sodoma, kayabangan, kasaganaan ng tinapay, at kasaganaan ng katamaran ay nasa kaniya at sa kaniyang mga anak na babae, ni hindi niya pinalakas ang kamay ng dukha at mapagkailangan. Ezekiel 16:49

Sakaling magkaanak siya ng magnanakaw, mamamatay-tao at hindi sumunod sa alinman sa mga tuntuning ito, bagkus ay nakikisalo sa mga handaan sa mga sagradong burol, sumisiping sa asawa ng iba, nang-aapi ng mahihirap, nagnanakaw, hindi marunong magbayad ng utang, sumasamba sa diyus-diyosan, gumagawa ng mga kasuklam-suklam na gawain, at nagpapatubo. Palagay ba ninyo'y mabubuhay ang anak na ito? Hindi! Tiyak na mamamatay siya dahil sa mga kasuklam-suklam niyang gawain. Kung magkagayon, walang ibang dapat sisihin kundi siya. Halimbawa namang siya ay may anak. Nasaksihan ng anak na ito ang kasamaan ng kanyang ama, ngunit hindi niya ito pinarisan. Hindi siya nakisalo sa mga handaan sa sagradong burol, hindi sumamba sa mga diyus-diyosan, hindi sumiping sa asawa ng iba. Hindi rin siya gumawa ng masama kaninuman, hindi nanamsam ng sangla, at hindi nagnakaw. Siya ay matulungin sa nangangailangan, lumalayo sa kasamaan, hindi nagpapatubo sa pautang, sumusunod sa aking Kautusan at lumalakad ayon sa aking mga tuntunin. Mabubuhay ang anak na iyon. Hindi siya mamamatay dahil sa kasamaan ng kanyang ama. Ang kanyang ama ay mamamatay sapagkat nagnakaw at gumawa ng masama sa kanyang kapwa. Ezekiel 18:10-18

Ang mga tao ng lupain ay gumamit ng pang-aapi, at nagnanakaw, at iniligalig ang dukha at mapagkailangan: oo, kanilang pinighati ang estranghero lupa na may kamalian. Ezekiel 22:29

Kaya nga, O hari, maging katanggap-tanggap sa iyo ang aking payo, at putulin ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng katuwiran, at ang iyong mga kasamaan sa pamamagitan ng pagpapakita ng awa sa mga dukha; kung ito ay isang pagpapahaba ng iyong kapayapaan. Daniel 4:27

Ganito ang sabi ng Panginoon; Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Israel, at dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kanilang ipinagbili ang matuwid para sa pilak, at ang dukha para sa isang pares ng sapatos; Na humihingal sa alabok ng lupa sa ulo ng dukha, at lumihis ng lakad ng maamo: at ang lalake at ang kaniyang ama ay papasok sa parehong dalaga, upang lapastanganin ang aking banal na pangalan: Amos 2:6-7

Dinggin ninyo ang salitang ito, kayong mga baka sa Bashan, na nasa bundok ng Samaria, na pumipighati sa dukha, na dumudurog sa mapagkailangan, na nagsasabi sa kanilang mga panginoon, Dalhin, at tayo'y magsiinom. Ang Panginoong Dios ay sumumpa sa pamamagitan ng kaniyang kabanalan, na, narito, ang mga araw ay darating sa inyo, na kaniyang dadalhin kayo ng mga kawit, at ang inyong mga inapo ng mga kawit ng isda. Amos 4:1-2

Yamang ang inyong pagyurak sa dukha, at kayo'y kumukuha sa kaniya ng mga pasan na trigo: kayo'y nagtayo ng mga bahay na tinabas na bato, nguni't hindi kayo tatahan doon; kayo ay nagtanim ng mga kaaya-ayang ubasan, nguni't hindi kayo iinom ng alak doon. Sapagka't nalalaman ko ang inyong sarisaring pagsalangsang at ang inyong makapangyarihang mga kasalanan: kanilang dinadalamhati ang matuwid, sila'y tumatanggap ng suhol, at kanilang inililigaw ang dukha sa pintuang-bayan sa kanilang karapatan. Amos 5:11-12

Dinggin ninyo ito, Oh kayong lumalamon sa mapagkailangan, sa makatuwid baga'y upang biguin ang dukha sa lupain, na nagsasabi, Kailan aalis ang bagong buwan, upang tayo'y makapagbenta ng trigo? at ang sabbath, upang aming mailabas ang trigo, na ginagawang maliit ang ephah, at malaki ang siklo (shekel), at dinadaya ang mga timbangan sa pamamagitan ng pagdaraya? Upang aming mabili ang dukha para sa pilak, at ang mapagkailangan para sa isang pares ng sapatos; oo, at ipagbili ang mga dumi ng trigo? Amos 8:4-6

Iyong sinaktan ng kaniyang mga tungkod ang ulo ng kaniyang mga nayon: sila'y nagsilabas na parang ipoipo upang ikalat ako: ang kanilang kagalakan ay parang upang lamunin ng lihim ang dukha. Habakkuk 3:14

Aking iiwan din sa gitna mo ang isang nagdadalamhati at dukha na bayan, at sila'y magtitiwala sa pangalan ng Panginoon. Zephaniah 3:12

At huwag mong apihin ang balo, ni ang ulila, ang dayuhan, o ang dukha; at huwag mag-isip ng masama ang sinoman sa inyo laban sa kaniyang kapatid sa inyong puso. Zechariah 7:10

At aking papakainin ang kawan ng patayan, sa makatuwid baga'y ikaw, Oh dukha sa kawan. At kumuha ako ng dalawang tungkod; ang isa ay tinawag kong Beauty, at ang isa naman ay tinawag kong Bands; at pinakain ko ang kawan. At nasira nang araw na yaon: at sa gayo'y nakilala ng dukha sa kawan na naghihintay sa akin na iyon ay salita ng Panginoon. Zechariah 11:7,11

Gospels

Mapapalad ang mga dukha sa espiritu: sapagka't kanila ang kaharian ng langit. Matthew 5:3

Ang mga bulag ay nakakita, at ang mga pilay ay nakalakad, ang mga ketongin ay nalinis, at ang mga bingi ay nakarinig, ang mga patay ay ibinangon, at ang mga dukha ay ipinangaral sa kanila ang ebanghelyo. Matthew 11:5

Sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka at ipagbili mo ang iyong tinatangkilik, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka at sumunod ka sa akin. Matthew 19:21

Nang si Jesus nga ay nasa Betania, sa bahay ni Simon na ketongin, Lumapit sa kaniya ang isang babae na may dalang isang sisidlan ng alabastro ng napakamahal na unguento, at ibinuhos sa

kaniyang ulo, habang siya ay nakaupo sa kainan. Datapuwa't nang makita ito ng kaniyang mga alagad, ay nangagalit sila, na nangagsasabi, Sa anong layunin ang pagsasayang ito? Sapagka't ang pamahid na ito ay maaaring maipagbili ng malaki, at maibigay sa mga dukha. Nang ito'y nahiwatig ni Jesus, ay sinabi niya sa kanila, Bakit ninyo binabagabag ang babae? sapagka't siya'y gumawa ng mabuting gawa sa akin. Sapagka't laging kasama ninyo ang mga dukha; ngunit ako ay hindi palagi. Sapagka't sa pagbuhos niya ng pamahid na ito sa aking katawan, ay ginawa niya ito para sa aking paglilibing. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saanman ipangaral ang evangelio sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito bilang pag-alaala sa kanya. Matthew 26:6-13

